

## Chemotherapy

Your doctor has told you that you need chemotherapy. You may be worried about how the chemo will make you feel. You are not alone. Many people worry about this.

People experience the side effects from chemotherapy differently. Here are some tips to help you manage your side effects:

- Take your medications as prescribed.
- Make a list of any questions you have and write down how you felt after your treatment.
- Talk with your nurse or doctor about how you felt and ask your questions. They can make changes for the next treatment to make it better.

### What is chemotherapy?

Chemotherapy is also called chemo. It is medicine used to treat cancer. Chemotherapy may be given alone. It can also help treatments like surgery or radiation work better.

### How does chemotherapy work?

Chemotherapy can:

- stop cells from growing and dividing
- stop cancer cells from travelling to other areas of the body
- slow the growth of cancer cells
- shrink cancer before surgery

## Chemotherapy

Ayon sa doktor, kailangan mo ng chemotherapy. Nag-aalala ka kung ano ang mararamdaman kapag nag-chemo. Hindi ka nag-iisa. Marami ring nag-aalala tulad mo.

Iba't iba ang nararanasan ng mga tao kaugnay ng masasamang epekto ng chemotherapy. Narito ang ilang payo para mapamahalaan mo ang masasamang epekto nito sa iyo:

- Inumin o gamitin ang mga gamot mo ayon sa bilin ng doktor.
- Isulat ang mga tanong at ang mga naramdaman mo pagkatapos ng paggagamot.
- Kausapin at tanunin ang nars o doktor tungkol sa iyong naramdaman. Baka may pagbabago silang gagawin sa susunod na paggagamot upang bumuti ang iyong pakiramdam.

### Ano ang chemotherapy?

Ang chemotherapy o chemo ay gamot para sa cancer. Maaaring chemo lang ang gagamitin sa paggagamot o maaaring isabay sa ibang paggagamot tulad ng operasyon o radiation.

### Ano ang nagagawa ng chemotherapy?

Ang chemotherapy ay maaaring:

- pigilan ang paglaki at pagdami ng mga selula ng cancer
- pigilan ang pagkalat ng mga selula ng cancer sa ibang bahagi ng katawan
- pabagalin ang paglaki ng mga selula ng cancer
- paliitin ang cancer bago ang operasyon

## Chemotherapy

Chemotherapy works on the whole body so healthy cells can be affected too. This is why you may have side effects. Healthy cells will repair themselves with time.

### Side Effects of Chemotherapy may include:

nausea and vomiting \*

mouth sores \*

appetite changes \*

fatigue \*

hair loss

fertility issues

infection

diarrhea \*

constipation \*

\* Indicates translated information is available

Remember: You may or may not get some of the side effects from chemotherapy.

### How is chemotherapy given?

Chemo is most often given by a needle into a vein (IV or intravenous). When the chemo treatment is finished the needle is removed. Sometimes a thin tube is inserted into a vein and is left in for all your treatments. This is called a PICC or PORT. Chemo is also given by:

- mouth (pill or liquid)
- needle into a muscle (injection)

## Chemotherapy

Apektado ang buong katawan kapag nagke-chemotherapy kung kaya nadaramay ang malulusog na selula na maaaring sanhi ng masasamang epekto sa iyo. Ang mga malulusog na selula ay gagaling din naman sa pagdaan ng panahon.

### Ang masasamang epekto ng chemotherapy:

pagduduwal at pagsusuka (nausea and vomiting) \*

mga sugat sa bibig (mouth sores) \*

pagbabago ng gana sa pagkain (appetite changes) \*

pagkahapo (fatigue) \*

pagkalugas ng buhok (hair loss)

problema sa kakayahang magka-anak (fertility issues)

impeksyon (infection)

pagtatae (diarrhea) \*

tinitibi o pagdumi ng matigas (constipation) \*

\* Ang paksang ito ay naisalin sa iba't ibang wika

Tandaan: Maaring mayroon o walang masamang epekto ang chemotherapy sa iyo

### Paano ibinibigay ang gamot na chemotherapy?

Kadalasan ang chemotherapy ay ibinibigay sa pamamagitan ng karayom sa ugat (IV o intravenous). Kapag tapos na ang paggagamot ng chemo ay saka tatanggalin ang karayom. Minsan, isang payat na tubo ang ipapasok sa ugat at iiwanan doon hanggang matapos ang paggagamot. Ang tawag dito ay PICC o PORT. Naibibigay din ang chemo:

- sa bibig (tabletas o likido)
- iniksyon sa laman (injection)

## Chemotherapy

- rubbing onto the skin (cream)

### How often will I get chemotherapy?

Chemo treatments are often called cycles. The number of treatments or cycles given depends on each person's cancer. Treatments may be given:

- daily, weekly or monthly
- continuously by a pump that you wear home

### How long does chemo take to give?

Chemo treatments can take a few minutes, several hours or a few days.

### Where will I get chemotherapy?

Chemo is usually given in the cancer clinic and you go home the same day. Some treatments are only given in a hospital and you need to stay overnight or longer.

## Chemotherapy

- pamahid sa balat (cream)

### Gaano kadalas ang aking chemotherapy?

Ang paggagamot ng chemo ay kadalasang tinatawag na cycles. Ang bilang ng cycles o paggagamot ay depende sa uri ng cancer. Ang paggagamot ay maaaring:

- araw-araw, lingguhan o buwanan
- tuluy-tuloy sa pamamagitan ng isang pump na isusuot mo habang nasa bahay

### Gaano katagal ang pagbibigay ng gamot na chemo?

Ang paggagamot ng chemo ay maaaring ilang minuto lamang, o ilang oras o ilang araw.

### Saan ko makukuha ang aking chemotherapy?

Maaaring ibigay sa iyo ang chemo sa cancer clinic at pauwiin ka sa araw ding iyun. Ang ilang paggagamot ay maibibigay lamang sa ospital at kakailanganing doon ka manatili ng isang gabi o higit pa.